



PINAGHAHANAP NG FBI

MURRAY GORDON WALLER

Labag sa Batas na Paglipad upang Maiwasan ang Pag-uusig – Kabiguan sa Pagpapakita (Pangingikil)



Larawang kinuha noong 2006

PAGLALARAWAN

Mga Alyas: Gordon Waller, Murray G. Waller, Gordan Murray Waller, Robert Charles Johnson, Bert Coners	
Ginamit na (mga) Araw ng Kapanganakan: Pebrero 25, 1947	Lugar ng Kapanganakan: Mobile, Alabama
Buhok: Olandes	Mata: Berde
Taas: 6'0"	Timbang: 190 libra
Kasarian: Lalaki	Lahi: Puti
Hanapbuhay: Direktor ng Programa ng Probasyon	Kabansahan: Amerikano
Mga Peklat at Mga Marka: Wala sa Pagkaka-alam	NCIC: W341095931

PAHAYAG

Pinaniniwalaan na si Waller ay lumipad mula sa Estados Unidos patungong Pilipinas. Kinawiwilihan niyang bumisita sa mga chat rooms sa internet.

BABALA

Mula noong 2001 hanggang 2006, si Murray Gordon Waller ang Tagapagpaganap na Direktor ng Alabama Safety Institute, Inc. sa Mobile. Ito ay isang programa na isinangguni ng hukuman na sumubaybay sa batang mga lalaki na nailagay sa pormal na probasyon ng hukuman. Sa mga panahong ito, nagbigay ng mga pagbabanta si Waller sa isang tagaprobasyon na sumasailalim sa kanyang direktang pangangasiwa. Ang tagaprobasyon ay nautusang magsagawa ng mga lihis na gawaing pakikipagtalik para kay Waller o kasama si Waller o di kaya'y bumalik sa kulungan. Ginamit din ni Waller ang kanyang komputadora sa bahay upang maghanap ng ibang mga lalaki sa Internet at papuntahin ang tagaprobasyon upang makipagkita sa kanila at tukuyin ang kanilang pagiging angkop para sa mga gawaing pakikipagtalik.

Noong Marso ng 2006, si Waller ay kinasuhan ng pangingikil sa unang baitang (dalawang bilang) at pangingikil sa ikalawang baitang (tatlong bilang), at inilabas ang isang mandamyento para sa kanyang pag-aresto. Noong Marso 31, 2006, si Waller ay inaresto at pinakawalan ng may piyansa. Nagpakita si Waller sa kanyang pagdinig ng pagsasakdal noong Mayo ng 2006, gayunpaman, hindi siya nagpakita para sa kanyang pagdinig ng katayuan noong Agosto ng 2006. Muling naitakda ang pagdinig ng katayuan ni Waller para sa Setyembre 7, 2006, ngunit hindi siya nagpakita.

Isang estadong mandamyento ng pag-aresto ang inilabas ng Sirkitong Hukuman ng Alabama sa Kondehan ng Mobile noong Setyembre 7, 2006, pagkatapos nang hindi pagpapakita ni Waller para sa mga kasong pangingikil. Pampederal na nakasuhan si Waller ng labag sa batas na paglipad upang maiwasan ang pag-uusig ng Distritong Hukuman ng Estados Unidos, Katimugang Distrito ng Alabama, at noong Setyembre 15, 2006, isang mandamyentong pampederal ang inilabas para sa kanyang pag-aresto.

Nakatakda ang paglilitis kay Waller noong Setyembre 18, 2006, ngunit hindi siya nagpakita. Noong Nobyembre ng 2007, si Waller ay nilitis nang hindi nagpapakita sa Mobile, Alabama. Siya ay napatunayang nagkasala sa lahat ng mga paratang.

DAPAT ITURING NA ARMADO AT MAPANGANIB AT ISANG PANGANIB SA PAGTAKAS

Kung mayroon kang anumang impormasyon tungkol sa taong ito, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng FBI o sa pinakamalapit na Embahada o Konsulado ng Amerika.

Lokal na Tanggapan: Mobile